# Kapag nakita ninyo iyon ay mag-ayuno kayo at kapag nakita ninyo iyon ay tumigil-ayuno kayo ngunit kapag pinalabo sa inyo ay magtaya kayo para rito."}

Ayon kay Ibnu `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Kapag nakita ninyo iyon ay mag-ayuno kayo at kapag nakita ninyo iyon ay tumigil-ayuno kayo ngunit kapag pinalabo sa inyo ay magtaya kayo para rito."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (s) ng palatandaan ng pagpasok ng buwan ng Ramaḍān at paglabas nito sapagkat nagsabi siya: "Kapag nakita ninyo ang bagong buwan ng Ramaḍān, mag-ayuno kayo; ngunit kung may humarang sa pagitan ninyo at niyon na ulap at tinakpan iyon sa inyo, ibilang ninyo na may 30 araw para sa buwan ng Sha`bān. Kapag nakita ninyo ang bagong buwan ng Shawwāl, tumigil-ayuno kayo; ngunit kung may humarang sa pagitan ninyo at niyon na mga ulap at tinakpan iyon sa inyo, ibilang ninyo na may 30 araw para sa buwan ng Ramaḍān."



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee